Original Message -----
From: "Amon, Jun" <?
To: "Ricafort, Bhong B." <?
Sent: Thursday, February 19, 2004 10:25 PM
Subject: There is still hope for our country

Magandang araw po sa inyong lahat.
Ang sumulat po ng liham sa ibaba ay kasamahan ko sa isang seminar at ako'y lubos na nagagalak dahil sa mga ipinahag niyang damdamin at natutunan sa aming natuklasan para maging isang ganap na Bagong Pilipino. Hindi ko na po babanggitin ang organization na nag-conduct ng training subalit gusto ko pa rin silang pasalamatan dahil sa napakagaling na pagmumulat nila ng aming isipan patungkol sa ating mga sarili at bilang isang mamayang Pilipino.

May kahaban po ang pahayag subalit kung nanamnamin ninyo ang bawat kataga at bubuksan ang isipan at damdamin ay mababuhay sa inyong mga dugo ang pagiging isang PILIPINO.
Ipag paumanhin sa mga hindi makakagusto ... at sa mga makakaunawa .... isa lang po ang aking hiling ...

Please Pay it Forward!!!!

Jun Amon
IDT Phils. Incorporated
QA Department
Tel# 6349 549 3983
Ext: 7623

Let's pay it forward!

There is still hope in our country

Pag nabasa mo ang pamagat nito ano ang una mong maiisip? Mayroon pa nga bang pag-asa ang Pilipinas na makaahon sa kahirapan? May magagawa pa ba tayo? Marahil nagtataka ang mga nakakakilala sa akin na ano ba ang nakain ko at bigla nag-iba ang ihip ng hangin at bigla na lang akong nagging makabayan. Balakgb sigurong kumandidato nito sa susunod na eleksiyon? May pangarap yatang pumasok sa pulitika?

Sa totoo lang po, nagising na ako sa matagal na pagkakatulog. Salamat at nakasama ako sa isang seminar na gumising at umantig sa aking puso't kaluluwa, tagos hanggang buto pa nga eh. Marami akong natutunan sa seminar na iyon, at alam ko na aayos ang buhay ko sampu ng aking pamilya kung akin lamang itong susundin. Subalit ang talagang tumino sa aking isipan ay ang aking pagiging Pilipino, kung ihahabing natin sa larong Dart, bulls eye, sapul, swak ang inabot ko, sa cherry pa tumama. Ano nga ba ang ginagawa ko bilang Pilipino para sa aking inang bayan? Ano bang sakrispisyo ang ini-alay ko sa Pilipinas? Mayroon nga ba kaibigan? Ewan ko, hindi ko na matandaan kung ano, saan at kailan. Sa opisina nga may watawat ng Pilipinas pero hindi ko man lang sinisilip kahit isang segundo man lang.
Kailan ba ang huling pagkakataon na inawit ko ang Lupang Hinirang o binigkas man lamang ang Panatang Makabayan. Madalas nga kahit tumutugtog ang National Anthem hindi man lang ako huminto at magbigay pugay. Ang tanging alam ko magaling akong magreklamo, yan diyan ako magaling. Reklamo doon, reklamo dito. Lahat nirereklamo ko, reklamo sa corrupt na gobyerno, sa bulok na systema ng trapiko, sa kotong na pulis at empleyado ng gobyerno, sa madalas na pagbaha, sa pagtaas ng presyo ng gasolina, pamasahe, mga bilihin, tuition fees, galung-gong at marami pang iba, pandak lang ang hindi tumataas.

Ang masama pa nito, marami na ang mga Pilipinong nag-iisip ng lumabas ng bansa at kasama na nga rin ako dito. Marami na sa mga kaibigan ko ang nangibang bayan na at marami pang nagbabalak umalis. Wala na ba talagang pag-asa sa Pilipinas, wala na ba tayong magagawa? Paano na lang ang pinaglaban ng ating mga Bayani, ni Gat Dr. Jose Rizal, Andres Bonifacio, ni Ninoy Aquino na lubos ang paniniwala sa kakayanan natin mga Pilipino. Ito ba ang lahing inuwisan nila ng buhay? Sayang na mga pangarap. Ang

masakit pa nito may mga kababayan tayo na handang magpaka-alila sa ibang bayan kapalit ng malaking sweldo. Mayroon akong mga nakilala dito ang tataas ng posisyon sa trabaho dito sa Pinas, malaki ang sweldo, nag-aaral sa isang exclusive school ang mga anak, may sariling bahay at may magarang kotse. Pag dating sa USA or Canada dishwasher or crew sa isang fast food chain nagta-trabaho. Ito pa ang matindi, Doctor na kumuha ng Nursing course para lang makalabas ng bansa, mas kadiri ito, Doctor na nag care-giver, hello are you out of your mind? Wala akong masamang ibig sabihin sa pagiging care-giver, marangal na trabaho ito ang kinasasama lang ng loob ko Doctor na nag care-giver, hello, totoo ba ito? Pakibatukan nga ako at baka nanaginip lang ako. Iginapang ka ng magulang mo para makapagtapos ng pag-aaral tapos mag-huhugas ka lang ng puwet ng mga banyaga, yaiks!!!.

Paano naman ang mga Guro o mga Nurses natin na naging Domestic Helpers (DH) sa Hongkong or Singapore. Dapat sana ang mga anak nila ang kanilang inaalagaan at inaaruga at hindi ang anak ng iba. Ang nakalulungkot pa nito, pag-uwi nila aabutan nila ang mga anak nilang lalaki na lulung na sa droga at napariwara naman ang mga anak na babae. Paano ang mangyayari sa susunod na generasyon? Ikaw na ang sumagot kaibigan. Ngayon nagtataka pa tayo kung bakit marami ang masasamang elemento sa lansangan.

Since na nagpadala tayo ng workers sa ibang bansa, kung hindi ako nagkakamali nagsimula ito during the 70s kalakasan ng workers Saudi. Ilan na ba ang nasirang pamilya dahil sa pagkakalayo ng mag-asawa? Marami akong kilalang nag Saudi napunta rin sa wala, nilustay ang pera sa bisyo, sugal dito, alak doon, hanggang malaman niya na wala na silang pera, nagkasira-sira pa ang pamilya.

Siyempre naman hindi papahuli ang Japan, the land of the rising sun. Dami natin "Entertainers" doon up to now. Huwag na natin pag-usapan pa kung ano ang trabaho nila doon. Pero siyempre hindi naman natin nilalahat. Ang nakakapag ngit-ngit lang dito habang ang mga kababayan natin ay naghihirap sa ibang bansa yun mga kamag-anak naman nila na umaasa na lang sa grasya galing sa kanila. Ayaw ng magsi pagtrabaho at mag banat ng buto, ang kakapal ng mukha. Pag may dumating galing ibang bansa akala mo mga linta kung dumikit, kulang na lang sipsipin ang dugo mo.

Siguro marami na sa inyo na naaasar at naiinip, ano ba ang tinutukoy ng sira-ulong ito, tumbukin mo na agad. Ang pinipunto ko lang naman, hindi lahat ng lumabas ng bansa ay naging maayos ang mga buhay at hindi lahat naiwan dito ay naghirap. Nakikita kasi nating mga Pinoy ang panglabas lamang,. magandang kotse, magandang bahay. Pero nagtanong ba tayo? Masaya ba sila sa ginagawa nila, masaya ba sila sa trabaho nila. Marami na tayong napanood na documentaries about the lives of the Filipinos in other countries, hindi naman lahat naging successful. Kung may naging successful man, pinaghirapan nila iyun. 2 or 3 trabaho a day ang ginawaga nila. Dahil no choice na sila eh. Gusto man nilang bumalik sa Pinas mahirap na kaya
nakipagsapalaran na lang. Kung yun sipag mong ibubuhos sa ibang bansa ay ginawa mo sa Pinas malamang mas mayaman ka pa dito at most probably mas masaya ka pa dahil kapiling mo ang mga mahal mo sa buhay at kaibigan.

Kung gusto mong umasenso sa buhay ang kasagutan ay hindi paglabas ng bansa kundi kung ano ang pinaniniwalaan mo. May pag-asa pa kaibigan, kung gagawin lang natin ng tama at nararapat. Wala sa bagong Presidente, Senador, Congressman, Governor, Mayor, etc ang pagbuti ng ating bansa, kung hindi nakakasalalay ito sa bawat isang Pilipino ang pag ahon natin sa kahirapan. Ilang taon na ba tayong nagra rally at nagsisigaw sa kalye laban sa gobyerno, may nangyari na ba? umangat na ba kabuhayan natin? Ilan na ba ang naging Presidente natin, halos lahat nasubukan na natin, Diktador, Artista, Militar, may bahay , Economista pero may nabago ba?
Mag-isip isip naman sana tayo, hello, baka naman nabubulagan lang tayo. Pinipilit nating baguhin ang ating gobyerno at umaasa tayong maisasalba nila tayo sa kahirapan. Kaibigan, hindi naman ang systema ng gobyerno ang problem, tayo ang problema. Kung sarili nga natin hirap na tayong baguhin, ibang tao pa kaya. Gaano ba karami ang empleyado ng gobyerno? 500,000? 1 Million? against sa bawat isa sa atin. Ilan tayo 80 Million or more, kung tayo kaya ang magbago, tingin mo kaibigan may mangyayari kaya? Siguro naman the ratio is 1:80 ika nga eh, "strength in numbers"

Ang tanong? Ano ba ang dapat gawin ng bawat isa sa atin? Mahal mo ba ang bayan mo? Simple lang

kapatid, kayang-kayang mo ito, kahit nga batang paslit kayang sumunod dito ikaw pa kaya na may matinong pag-iisip? Kung mahal mo ang pamilya mo at nagmamalasakit ka sa bansang Pilipinas dapat kayanin mo ang mga ito:

10 Commandments ng isang bagong Pilipino

1. Sumunod sa batas trapiko sa lahat ng oras kahit madaling araw no exception (kahit walang pulis pwede yan)
2. Huwag magtapon ng basura kung saan-saan, sa tamang lugar lamang. Mas ok kung ihihiwalay mo ang nabubulok at hindi nabubulok. Sabi nga ng kaibigan ko may pera sa basura.
3. Huwag bumili ng mga pirated CD/VCD/DVD at iba-iba pang gamit na smuggle, walang kita ang gobyerno natin dito. Kung walang kita ang gobyerno wala o kulang ang serbisyo na maiibigay sa atin.
4. Magbayad ng tamang buwis (ok ang sobra huwag lang kulang, pwede rin "more than fair")
5. Trabaho/Pag-aaral a. Mahalin ang trabaho mo, pasalamat ka at may trabaho ka, yung iba wala. (para sa mga trabahador/empleyado) b. Mag-aral mabuti, pasalamat ka at nakakapagaral ka,yung iba hindi (para sa mga estudyante)
6. Nagpapaloko/Manloloko a. Huwag maglagay/magsuhol (para sa nagpapaloko) b. Huwag ibenta ang dignidad mo na iningatan ng magulang mo sa matagal na panahon (para sa manloloko)
7. Bumoto ng wasto at ayon sa prinsipyo mo (refer to no. 6)
8. Matutong magtipid para sa hinaharap (kung may sinuksok may laman)
9. Mahalin ng tapat ang mga magulang, asawa, anak at bigyan respeto ang bawat-isa sa atin.
10. Mahalin mo ang Diyos ng higit sa lahat..

Sa mga Pilipino na nag-iisip pang umalis ng bansa sana po mag-isip isip muna tayo. Isa ito sa mga natutunan ko sa training kung papaano gumawa ng tamang decision sana po ay magamit rin ninyo. Sagutin lang ninyo ang sumusunod, kung ang kasagutan ninyo sa lahat ay OO sige lumarga na kayo kung may agam-agam pag-aralan mabuti.

1. Gusto ko ba?
2. Kailangan ko ba?
3. Kaya ko ba?
4. Gusto ba ng Diyos?

Para naman po sa mga kababayan natin naninirahan na sa ibang bansa, isa lang po ang hinihiling namin sa inyo, sana po ay huwag ninyong kalimutan na kayo ay Pilipino saan man kayo naroroon, atin itong ipag malaki. Kung hindi naman kalabisan pa, sana ituro rin natin sa ating mga anak ang mga magagandang kaugalian natin at huwag kalimutan ang wikang Pilipino. Kung tunay kang Pilipino at may malasakit ka sa bayan mo, please kaibingan ipasa mo ito kahit sa tatlong Pilipino lamang.

"If we want changes, we should start to change within ourselves first"

Bhong Ricafort
Bagong Pilipino